



MICHELLE BAASS
DIRECTOR

State of California—Health and Human Services Agency
Department of Health Care Services



GAVIN NEWSOM
GOVERNOR

Mahalagang balita tungkol sa pagtaas ng limitasyon ng mga ari-arian sa Medicare Savings Programs

Minamahal na aplikante ng Medicare Savings Program:

Dahil sa bagong batas ng California itinaas ang kabuuang halaga ng mga ari-arian (ari-arian at pera) na mayroon ang isang tao o pamilya. Maaari pa rin mag-kwalipikado para sa Medicare Savings Programs ukol sa pagbabayad ng mga premium ng Medicare at mga gastos na galing sa bulsa. Kabilang sa mga ari-arian ng binibilang namin ang mga account sa banko, pera, pangalawang sasakyan, at mga tahanan, at iba pang mapagkukunang pinansyal.

Ang mga limitasyon ng ari-arian para sa Medicare Savings Programs ay tataas sa Hulyo 1, 2022

Ang mga limitasyon para sa ari-arian na binibilang namin kapag nag-desisyon kami kung kwalipikado ka para sa Medicare Savings Program ay tataas sa **Hulyo 1, 2022**. Ang halaga ay depende sa bilang ng tao sa inyong sambahayan:

Bilang ng tao sa iyong sambahayan	Lumang limitasyon sa mga ari-arian	Bagong limitasyon sa mga ari-arian
1 tao	\$2,000	\$130,000
2 tao (dating “mag-asawa”)	\$3,000	\$195,000

Kung ikaw ay nag-apply para sa Medicare Savings Program ng buwan ng Hunyo, bago mag-Hunyo 30, 2022, at ang iyong mga ari-arian ay mas mataas kaysa sa dating limitasyon, ang iyong county ay mag-dedesisyon ng iyong eligibility mula Hulyo 2022. Kung inaprubahan namin ang iyong aplikasyon para sa Medicare Savings Program sa o pagkatapos ng Hulyo 1, 2022, magpapadala kami sa iyo ng sulat tungkol sa aming desisyon.

Kung ang iyong mga ari-arian ay mas mataas kaysa sa limitasyon upang maging kwalipikado para sa Medicare Savings Program simula Enero 1, 2022 hanggang Hunyo 30, 2022 ngunit mas mababa kaysa sa bagong limitasyon sa mga ari-arian, maaari kang mag-kwalipika para sa Medicare Savings Program. Kung sa tingin mo ito ay tama para sa iyo, maaari kang mag-apply muli para sa Medicare Savings Program:

- **Ng personal o gamit ang telepono.** Pumunta o tumawag sa lokal na tanggapan ng iyong county.
- **Sa pamamagitan ng koreo o online.** Hanapin ang aplikasyon sa website ng Department of Health Care Services sa <https://www.dhcs.ca.gov/formsandpubs/forms/Pages/Index-MC13-MC0805.aspx>. I-print ang form at ihulog o ipadala ito sa koreo sa lokal na tanggapan ng iyong county.

Kasama sa sulat na ito ang listahan ng mga lokal na tanggapan ng county. O pumunta sa website ng Department of Health Care Services sa [dhcs.ca.gov/col](https://www.dhcs.ca.gov/col).

Mga Tanong?

Kung mayroon kang mga katanungan tungkol sa pagbabagong ito o kailangan mo ng tulong, makipag-ugnayan sa lokal na tanggapan ng iyong county. Para sa mga pangkalahatang tanong tungkol sa Medicare Savings Programs, tumawag sa Medi-Cal Helpline gamit ang **1-800-541-5555**. Ang tawag ay libre.

Salamat,

Department of Health Care Services
State of California